BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Abril 25, 2023
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, inilabas ang kauna-unahan nitong gabay sa katarungan sa kapaligiran

SAN FRANCISCO – Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay may inilabas na kabanata ng katarungan sa kapaligiran, ang Pinakamahuhusay na Kagawian sa Pagsasapriyoridad ng Katarungan sa Kapaligiran, Kalusugan, at Pagkakapantay-pantay (Best Practices for Centering Environmental Justice, Health, and Equity), sa Batas sa Kalidad ng Hangin ng California (California Environmental Quality Act) o CEQA na na-update kamakailan, sa Mga Alituntunin sa Kaligad ng Hangin.

Ang CEQA ay isang batas ng estado na nag-aatas sa mga ahensya ng pamahalaan, sa pangkalahatan, na ipaalam sa mga tagapagpasya at publiko ang tungkol sa mga posibleng epekto sa kapaligiran ng mga residensyal, komersyal, industriyal, at iba pang proyekto, at bawasan ang mga epektong iyon sa kapaligiran kung posible.

Kinikilala ng kabanata ng katarungan sa kapaligiran sa 2022 Mga Alituntunin ng CEQA ng Distrito ng Hangin – ang kauna-unahang ganito na mailathala sa California – ang layunin ng patakaran na tugunan ang mga dati at bagong hindi pagkakapantay-pantay sa siting, disenyo, at development ng mga posibleng source ng polusyon. Maliban sa pagbabawas sa mga epekto ng polusyon, isusulong ng gabay na ito ang makabuluhang pakikibahagi ng mga miyembro ng komunidad sa lahat ng yugto ng proseso ng pagpapasya sa kapaligiran at paggamit ng lupa.

“Kinukumpirma ng mahalagang development na ito sa patakaran ang karapatan ng komunidad na makibahagi sa bawat antas ng pagpapasya para sa mga pinaplanong proyekto sa kanilang mga komunidad,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ipinagmamalaki naming ihatid ang makabagong gabay na ito na naglalayong bawasan ang mga mapaminsalang emisyon at ang mga panganib sa kalusugan sa mga lubos na apektadong komunidad, at tulungan ang mga ahensya sa buong estado na pagtuunan ang katarungan sa kapaligiran sa kanilang mga ginagawa.”

Ipepresenta ng mga staff ng Distrito ng Hangin ang bagong kabanata sa mga propesyonal sa kapaligiran sa buong estado sa Martes, Abril 25 sa 2023 Association of Environmental Professionals Conference. Hinihikayat ang ibang ahensya sa California na gamitin ang dokumento ng gabay para pagtuunan ang katarungan sa kapaligiran, kalusugan, at pagkakapantay-pantay sa pagsusuri ng mga proyekto sa ilalim ng CEQA.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Distrito ng Hangin | *Mga Pahayag sa Media*